# Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Oktubre 14, 1951

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
OCT 17 1951



**Ester Buenaobra**

*Bituin ng Premiere na di na miminsang nagpamalas ng angking kakayahan sa pagtupad ng mahahalagang papel.*




*Si Mrs. Franklin D. Roosevelt, maybahay ng yumaong Pangulo ng Estados Unidos, ay kabilang sa mga unang sumalubong at bumati sa mga delegado ng WAY. Makikitang kinakamayan niya sa may hagdanan ng Willard Straight Hall ang mga kinatawan sa kapulungan na kinabibilangan nina: Rafael Recile, Jr. at Gng. Belen E. Gutierrez ng Maynila, Emmanuel Georges Bruce ng Lome, Elsie Mallory ng Estados Unidos, Esme Gaisie ng Timog Amerika, Arnulf Pins ng Estados Unidos at Vedat Ozsan ng Turkiya.*

**(USIS)**

# Kapulungan Ng Mga Kabataan Ng Iba't Ibang Bansa Sa Daigdig . . .

MAHIGIT sa 400 delegado buhat sa 63 bansa ang dumalo sa Unang Ika-tatlumpung Taong Kapulungan ng World Assembly of Youth na idinaos kamakailan sa Cornell University, Nueva York, Estados Unidos. Ang kapulungan, na tumagal ng dalawang linggo, ay naging kasiyasiya sa nagsidalong mga kinatawan ng iba't ibang bansa na nagkaroon ng pagkakataong makapaglibot sa maraming panig ng Estados Unidos.

Ang World Assembly of Youth (WAY) ay isang samahang hindi sakop ng pamahalaan, na itinatag ng mga kinauukulan upang mapag-isa ang pagsisikap ng mga kabataan sa buong daigdig na mapaunlad ang kanilang mahahalagang gawain sa kapakanan ng sangkatauhan, gayundin upang mapag-ibayo ang pag-ibig sa kalayaan at sa kultura. Ang paksa ng kapulungan ng WAY sa taong ito ay "Ang Kabataan at ang mga Karapatan ng Tao."



*Sa Cornell University, ang mga delegado ay nagdiwang sa pagsapit ng ikaapat na anibersaryo ng pagsasarili ng Pakistan. Mula sa kaliwa: Villareal ng Pilipinas, Laura Consalves ng Pakistan, Helen Dale ng Belhika, Edric Weld ng E. U., A. W. Wyne ng Behram, S. Rustomji ng Pakistan, M. Sato ng Hapon, L. Thjian ng Singgapur at R. Sucgang ng Pilipinas.*




*Ang delegasyong Pilipino sa kapulungan ng WAY ay makikitang nakapaligid sa isang hapag na sadyang ukol sa kanila nang magsimula ang unang araw ng kapulungan. Buhat sa kaliwa, pakanan: Dr. Aureo F. Gutierrez, Greg A. Estonanto, Rafael Emcile, Jr., Aurea B. Gutierrez, Richardo A. Lopa, Ramon L. Recio, Gng. Paz R. Cuerpocruz, at Gng. Belen E. Gutierrez.*




## Isang Tanawin Sa Larangan . . .


Mga kawal ng hukbong dagat ng Estados Unidos na patungo sa isang mahalagang misyon. Sa dalawang larawan sa itaas ay makikitang kalulunsad nila sa "helicopter," at sa ibaba ay nang mga sandaling mabilis nang sumasalakay sa isang tanggulan ng mga pulahan sa isang liblib na pook sa Korea (INP).


## Tingnang UNA ANG PILIPINAS . . .



**Lubhang marikit at nakapagdudulot ng inspirasyon ang Bulkan MAYON. May hugis embudo at umaabot ang ituktok sa papawirin, ang bulkang ito na wari'y isang kaganapang likha ng Kalikasan ay siyang pangunang nakakatawag ng pansin sa buong paligid ng Kabikulan. Kabilang ito sa mga "kinakailangang pagmalasin" ng mga manlalakbay at turista... katulad ng ang isang pares na sapatos na gomang JACINTO ay para sa lahat ng naglalakbay dahil sa tunay na nakasisiyang uri ng estilo, katibayan at kaginhawahan ng bantog na sapatos na ito.**

**Tingnang Una ang Pilipinas . . . at laging maglakbay sa pamamagitan ng JACINTO.**




**OKLAHOMA A. & M.**
**Basketball type championship shoes.**

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-67

**GANTIMPALANG SALAPI!**

Magbabayad kami ng P20.00 sa magpapadala ng anumang larawang kuha sa kapuluan na mahalaga sa mga turista na mapipili ng bahay-kalakal na ito upang ilathala kaugnay ng yugtu-yugtong anunsiyong ito. Ang [illegible] ay kailangang lakipan ng mga tala, gaya ng kinaroroonan, mga daanan at kailangan upang makarating sa naturang pook, at iba pa. Ipadala ang inyong mga kuhang-larawan at isang sobreng kinasusulatan ng inyong tirahan sa Box 406, Maynila.


# Makulay na Parada ng mga ROTC




Masasabing isang makulay na kabanata sa mga pangkat ng kadete ng iba't ibang paaralan sa Maynila ang idinaos na konbokasyon at parada noong Linggo ng hapon sa Bagong Luneta, sa pamamahala ng Central ROTC Cadet Organization. Sa larawan sa itaas ay makikita ang mga kadete ng UP na nangasa ayos ng pagpupugay bago sinimulan ang parada. Taglay nila ang mga bandila ng "Karangalan" at "Taliba."





Si Kalihim Ramon Magsaysay, nang nagpupugay sa mga bandila ng Unibersidad ng Pilipinas. Nasa kaliwa ng kalihim si Koronel Tanwangko, superintendente ng mga pangkat ng ROTC sa Maynila.




Isang pangkat ng mga kadete ng National University nang mga sandaling nagdaraan sa tapat ng tribunang kinaroroonan ng mga pinuno ng hukbo at ng pamahalaan.




Ang mga bandila ng iba't ibang kolehiyo at unibersidad, nang nagdaraan sa may tapat ng Manila Hotel. Ang pangkat na ito ay kabilang sa mga naging tampok ng parada.

Mga larawang kuha ni TITO V. CARBALLO




Ang mga "mutya" o "ninang" ng pangkat ng mga kadete ng iba't ibang paaralang lumahok sa konbokasyon na natitipon sa isang panig ng tribuna. Mapapansin ang kanilang maririkit na kasuotan.



Matataas na pinuno ng Hukbong Pilipino na sumaksi sa konbokasyon at parada. Mula sa kaliwa: Koronel Velarde, Hen. Selga, Heneral Pearson ng JUSMAG, Kalihim Magsaysay, Koronel Tanwangko at Heneral Lizardo.





Nang nagsasalita si Kor. Alejandro Esclamando ng mga kadete sa FEU pagkatapos ng makulay na parada. Ipinakilala niya si Kalihim Magsaysay na siyang sumunod na nagtalumpati.



Sa talumpati ni Kalihim Magsaysay ay binanggit niya ang mahahalagang gampaning dapat isabalikat ng mga ROTC... gayundin sinabi niya na ang mga kadete ay dapat makipaglaban sa mga kaaway ng kalayaan hindi sa larangan kundi sa pagtatanggol sa mga simulain ng demokrasya...


Humitit

ng 2 kahang tig-sasampu na nababalot sa manipis na palara




Tingi:
50¢
isang kaha

PANAKIP NA MADALING PUNITIN

Pinananagutan ang Kasiyahan

Mabibili sa lahat ng Tindahan

# Sa Puting-tabing



*Si Armando Goyena ay isang makisig na mang-aawit sa "HARANA SA KARAGATAN" ng LVN Pictures. Sa larawan ay makikitang umaawit siya sa isang himpilan ng radyo samantalang buong kasiyahang nakikinig si Delia Razon at ang iba pang mga panauhin.*



**S. Reynaldo Dante, sa papel na "Quintin" sa "SISA" ng Premiere Productions na hango sa isang kasaysayang sinulat ni Dr. Jose Rizal. Katulong na gumaganap ng pangunang papel sina Anita Linda at Eduardo del Mar.**



**Isang madulang tagpo sa "HIWAGA NG LANGIT" ng Fortune Pictures. Nagsisiganap ng mahahalagang papel sina Rico Romero, Baby Linda, Gracita Domingez, Baby Violeta at Melanie.**



**Makaantig-damdaming tagpo sa "BASAG NA MANYIKA" ng Royal Productions. Magkakasama sa larawan sina Ben Perez, Bening Lopez, Amelia Saguinsin at Mila Nimfa, nagkamit ng "Maria Clara Award" sa pagiging pinakamahusay na batang artista noong 1950.**

# Pisong Pilak, Altar at Kabayo

**Maikling Katha ni NANING SANTOS CRUZ**

**ISANG PISONG PILAK NA ITINURING NA "MALAS" NG MAY-ARI ANG TUMUPAD NG MARIKIT NA PAPEL SA KUWENTONG ITO**



MAGBUHAT nang maging laman ng aking lukbutan ang pisong pilak na napulot ko sa isa sa mga lansangan ng Maynila, may dalawang buwan na ang nakararaan ngayon, ay hindi na humigit pa sa dalawang piso ang aking kayamanan. Sa sandaling lumabis sa halagang ito ang aking salapi'y dumarating ang mga paggugulang hindi ko maiwasan.

Sa simula'y kinatutuwaan kong dalhin-dalhin ang pisong pilak. Subali't nang mapansin kong hindi na humigit sa dalawang piso ang nagiging laman ng bulsa ko, kumita man ng malaki, ay pinag-aralan ko nang iwan ang pisong pilak sa aming aparador. Nguni't iwan ko man iyon ay gayon din ang kinahihinatnan: gumagasta ako sa hindi maiwasang dahilan.

—A! kailangang magkahiwalay kami ng pisong pilak na ito, —ang minsan ay naipasya ko sa aking sarili. Naisip kong dala niyon ang kamalasan.

At isang araw nga ng Linggo, ganap na ikawalo ng umaga'y kuyom ko sa palad ang pisong pilak na iyon. Ginaygay ko noon ang kahabaan ng Avenida Rizal patungong Simbahan ng Espiritu Santo. Sasaksi ako noon sa pag-iisang-dibdib ng aking kaibigang Lusing at Ponching. Buo na sa kalooban ko ang aking gagawin sa malas na pisong pilak: Ililimos ko sa unang pulubing masusumpungan ko sa paglalakad.

Parang binibilang ang aking mga hakbang, ang aking paningin ay laging nakatuon sa salikop ng mga daan sa pagbabakasakaling matagpuan ko ang pulubing makikinabang sa aking pisong pilak.

Malapit na ako sa simbahan ay hindi pa rin ako nakakakita ng pulubi. Sa halip nito'y nasalubong ko ang aking kaibigang tisoy na matagal ko nang hindi nakikita. Binalak ko sanang iwasan siya upang makaligtas din naman sa satsatang natitiyak kong hindi kukulangin sa kalahating oras, nguni't magkaharap na kami.

—Ola, amigo! —ang bati niya sa akin. Kinamayan ako.

—Ola, tsiko! — nakangiti kong ganti.

Sa may pintong bakal ng bakuran ng simbahan kami nagpang-abot. Kumustahan. Kuwentuhan. Balitaan. May mga sandaling ingles ang aming pag-uusap at may mga saglit namang Kastila na ikinatatawa nang malakas ng kaibigan ko kung mapansing namimilipit ako sa pagsasalita. Nguni't sa sandali namang dumako sa pananagalog niya ang aming pagsasalitaan ay nakagaganti ako nang paghalakhak. Naging masaya nga ang pagkikita naming iyon. Ibinabalita niya ang kanyang karanasan nang umagang iyon.

—Nagawa sa 'kin nan' sose sa tao, nasingil na mahal — pagaril at pautal-utal ang kanyang pagsasalita.

—Ng ano? —ang tanong kong hindi makaunawa sa "soseng" sinasabi niya.

—Sose! Sose! —mariin niyang bigkas.

—O, e ano ang nangyayari kay Sussie mo? —tanong kong nababaghan.

—Hindi sa **Sussie**. Sose! —**Llave hombre, entiende?** — Dinukot sa kanyang bulsa ang isang maliit na susi at ipinakita sa akin.

—A, susi! —nakatawa kong tugon.

—O... O...! —sang-ayon niya sa bahaw na tinig.

Nasabi nga sa akin ang pagpapagawa niya ng susing nabanggit. Tuwang-tuwa nga raw siya at sa bungkos ng mga susing ipinakita sa kanya upang piliin ang ibig ipagawa ay napalaran niyang masumpungan ang kasinlaki at kasinghugis ng nawala niyang susi. Sapat na ang kasiglahang naipamalas nito upang ang panday-kabang kausap niya noon ay magsamantala sa pagkakataon.

Pabulong nang sabihin sa akin ng kaibigan ko ang halaga: **Mira tu, amigo, una llave de este clase me cobraron tres pesos y diez centimos.** Nanggigigil ang kaibigan ko.

Ako naman ay napabulalas ng pagsagot sa laki ng aking pagkamuhi sa mapagsamantalang panday-kaban. —**Tres diez... Llave!** Inagaw ko ang susi sa aking kaibigan at sadya ko sanang ipupukol kung hindi siya naging maagap nang pagawat sa akin. —**Ladron, co...** —ang tangi ko na lamang nasabi nang walang anu-ano'y may naramdaman akong kumalabit sa aking binti. Nilingon ko ang pinanggalingan. Isang matandang lalaking nakatalungko ang nakita kong nakalahad wari ang isang palad, nguni't hindi nakatingin sa akin. Parang gumalaw sa bulsa ko ang pisong pilak. Ito'y madali kong dinukot at iniabot sa kumalabit sa akin. Hindi ko nakita ang mukha ng aking pinagbigyan. At iyon ay hindi man lamang kumibo. O baka nagsalita'y hindi ko naman narinig.

Parang may nagtulak sa akin sa pagbibigay ko ng pisong pilak sa matandang nakatalungko. Tila sumundot sa aking isip ang kabutihan ng ginawa ko. Nakapagmagandang-loob ako at nawala pa ang kamalas-malasang pisong pilak.

May ilang saglit pa rin kaming nag-usap ng aking kaibigan bago naghiwalay.

—Bueno, amigo! —pagpapaalam niya.

—Adios, amigo! —tugon ko namang nalulungkot sa naging karanasan niya.

Nang mapag-isa ako'y saka ko naalaala ang pulubing nagkapalad sa aking pilak. Wala na iyon. Sa pagkakatayo ko'y kung bakit ba parang may isang parada ng mga taong nakikita ko nguni't hindi nakikilala ang nalarawan sa aking isip... A, ulol! nasabi ko sa aking sarili at ako'y nagtuloy sa simbahang pagbubuhulan ng mga puso ng aking mga kaibigan.

GANAP na ikasampu at kalahati ng umaga nang matapos ang kasal.

—Sa Manila Hotel naman— —nagmamalaking wika ng Ninong sa nagsidalong mga kaibigan at mga kamag-anak ng ikinasal.

—Huwag kayong magsisilayo at sabay-sabay tayong lalakad, —turing naman ng Ninang.

At ilang sandali pa'y nakalabas na kami sa simbahan.

Bumati sa aking pansin ang isang matandang lalaking lili-

**(Buklatin sa pahina 13)**

# Nang MAGDAAN ANG DALUYONG

## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

### Sinulat ni Faustino Aguilar

**(KARUGTONG)**

15 Pebrero, 1945:—

Ang labanan sa labasan ng Malaking Maynila, dakong silangang pahilaga, ay hindi pa rin tápusang lubos. Ang mga hapong napasabog sa Payong, na nasamahan pa ng mga nagsisitakas sa Montalban at S. Mateo, ay nakapagtipon-tipon sa mga tagong pook ng labasan ng malaking Maynila at sa balitang tinanggap ko ngayong umaga sa isang manggagawa sa aking lupain na nakasaglit dito sa bahay, ay marami rin ang nangagtatago ngayon sa pook ng Mabilog, hanggahan ng Piedad at Payatas. Sa bahay ni G. Guillermo Masangkay, taga-Maynilang may lupain doon na katabi ng akin, sila nagsihimpil at gumawa pa sa paligid-ligid ng bahay ng sadyang kublihan, na inihanda nila upang makipaglaban, kung sila'y sasalakayin ng mga guerillero at amerikano, na nakahimpil sa Pasong-Tamo. May mga 500 marahil, sa taya ng nagbalita sa akin, ang naroroong hapon, na wala nang maraming kinakain sapagka't nagbubunot na ng kamoteng kahoy, kahi't bago lamang na lumalaki. Kahapon di'y sinimulan ng mga amerikano, na pinagbalitaan na ng taong-bayan ng bagong kinalalagyang ito ng mga takas na hapon, ang pagkanyon, nguni't hindi napatatamaang mabuti ang kanilang kinalalagyn. Upang makatulong ako nang kahi't bahagya sa pagsugpo ng bagong panganib na ito, ako ay sumulat sa Pinuno ng mga guerillero. Ito ang aking sulat.

S. F. del Monte Feb. 15, 1945

Komandante Eskolastico M. Luz
Pasong-Tamo

Mahal na ginoo at kaibigan:

Sakali pong pakikinabangan sa paglilinis na ginagawa ngayon sa mga nagtatagong kawal na hapon sa ating mga gubat at kabukiran, ang maibabalita sa inyo ng maydala nitong sulat ko, na aking tauhan, siya ay pinadaan ko sa inyong himpilan upang inyong kausapin.

Minamahalaga ko sa kanyang sinabi sa akin ang di-umano'y hindi pagtama ng pinapuputok na kanyon mula sa Pasong-Tamo, sa talagang kinalalagyan ng mga hapon sa Mabilog. Lumalampas ang punlo at sa malayo bumabagsak. Kayo na ang bahalang magusisa sa kanya.

Pag-utusan sa makakaya ang inyong lingkod at kaibigan.

**FAUSTINO AGUILAR**

Aking ipinagbilin sa nagdala ng sulat, na kung kakailanganing siya, ay sumama sa magsisitingin ng tunay na kinalalagyan ng mga kalaban upang masukatan ang layong dapat pagpabagsakan ng punlo.

Dumalaw ngayon sa aking bahay si G. A. J. Balls, ingles na kapit-bahay kong nakukulong sa Sto. Tomas. Ngayon lamang siya nakalabas, pagkatapos makulong nang kulang sa dalawang taon. Marami siyang ibinalita sa amin, mga bagay na nakalulunos tungkol sa mga paghihigpit na hindi kailangang pinairal ng mga hapon sa panahong kanilang ikinakulong. Dumating ang panahon na sa Sto. Tomas ay may namamatay na 15 araw-araw sa mga nakukulong, sanhi sa iba't ibang sakit na ibinubunga ng masama na ay kulang pang pagkain na sa kanila'y ibinibigay. Hangga ngayo'y marami ang namamanas at sa kanyang akala, sa kalubhaan ng ilan, ay mayroon pa ring mangalalagot, kahi't inabot na sila ng gamot, ng pagkaing mabuti at ng maingat na alaga ng hukbong amerikano. Ang lalong malalaking panganib na dinaanan nilang lahat ay noong mabalita nang dumarating ang hukbo ni Heneral McArthur; ang pagkaalam ng mga hapon ay lunes, ika-5 ng Pebrero ito papasok sa Maynila at ipinabatid na sa kanilang Lunes ng umaga ang lahat ng lalaki ay babarilin. Salamat at Sabado pa lamang ng gabi, ang mga amerikano ay nakapasok na sa Maynila at ang Sto. Tomas ay nakuha; kung hindi, isa man marahil sa mga naroon ay hindi mabubuhay, babarilin nga ang mga lalaki at ang mga babae at bata ay isasama sa pagpapasabog ng gusali, na sa ilalim ay nilagyan na pala ng dinamita. Gayong pagkakapaghanda sa pagsira ng gusali, ang inabot ng mga amerikanong nakapasok. Sa mga hapong nagbabantay na talaga sa mga nakukulong ang pinakamalulupit, ay nagsilaban, na lahat naman ay namatay, apat lamang ang sumuko, na nangapipiit na ngayon.

Ang gusali ng Sto. Tomas, hangga ngayon ay maminsan-minsan pang tinutudla ng kanyong hapon. May mga apat na araw lamang na ang isang kanyong maliit na nakalagay sa kampanaryo ng S. Sebastian, hawak ng 12 kawal na hapon at isang pinuno, ay natutop ng mga amerikano. Sa McKinley, kuha na ng mga amerikano, ay may mga nagtatagong hapon, na ang Sto. Tomas din ang tinutudla; ang mga nagsisitudlang ito ay napuksa na, gaya rin ng mga na sa S. Sebastian. Hindi pa masabi, hangga't patuloy ang labanan sa Maynila, kung buhat naman sa ibang dako, ay pagpipilitan ng mga hapong maiwasak ang Sto. Tomas.

Sa labas na bilang ng "Free Philippines' sa araw na ito, ay nasasabing ang hukbong galing sa Timog ay nakarating na sa Maynila at kasama na ng nanggaling sa hilaga, sa pagkubkob sa namumuugáng bahagi ng lunsod. Sinasabing ang "Isla de Ingenieros" ay inilabang mabuti ng mga hapon. Tinatayang magtagal ang labanan sa loob ng Maynila pagka't kabatuhang lahat ang mga bahay doon. Upang mailigtas sa panganib ang mga nakukulong sa Sto. Tomas noong ito'y mapasok, ang isang maliit na pangkat ng mga kawal na hapon na inabot doong nangakahimpil, sa isang hiwalay na gusali, ay pinayagan ng mga amerikanong mangakaalis na may sandata, at sa balita'y inihatid pa hanggang sa labasan ng Sta. Mesa; nguni't ang pagsagot sa kanilang kapanatagan ay natapos pagkarakang sila'y makalayo. Hindi masabi kung may nalabi sa mga hapong ito ng mangakarating na sa labasan ng Maynila.

16 Pebrero, 1945:—

Naghulog sa umaga ng araw na ito ang mga aeroplanong amerikano ng isang anyaya sa pagsuko sa mga naglalaban pang hapon. Tila ang pinagkalatan ay mula sa Montalban at S. Mateo hanggang sa labasan ng Maynila, na kinalalagyan pa ng nangagtatagong hapon.

Maraming aeroplano ang nagsilipad ngayon, lalo pa sa dakong silangan ng Maynila. Hangga ngayon ay naglalaban pa sa loob ng mga muog ng lunsod, nguni't sa ibang dako ng timog ng Pasig ang paglalabanan ay tila tigil na, bagama't kagabi at sa maghapong ito ay nakapagdidinig ng malalayo nang putok ng kanyon. Itong mga kanyon sa malapit sa bahay ko ang pumuputok na tungong S. Mateo. Ang mga hapon sa Mabilog, na naging sanhi ng sulat ko kahapon sa pinuno ng mga guerillero sa Pasong-Tamo, ay hindi pa nilalabas. Alam na pala ang gayon ng mga amerikano sa Pasong-Tamo. Ang hinihintay kong balita tungkol sa bagay na ito ay hindi ko pa natatanggap.

Sa Maynila ngayon, ang mga may-baril, na dala sa paglakad sa daan, ay kinukunan ng dalang sandata ng mga amerikano. Ipinaliliwanag nilang ang gayong ginagawa ay isang pag-iingat upang huwag makasalisi ang mga Makapili sa mga "guerillero" sa pagpasok sa bahagi ng lunsod na na sa kamay na ng mga amerikano. Ilang pinuno ng "guerilla" ang naaalaman kong nagsipatungo sa mataas na himpilan ng mga amerikano sa Maynila upang makipagtalastasan sa nararapat gawin. Mga pulis ng hukbo ang nagpapatupad ng ganitong kautusan.

Ang Alkalde at Gobernador Militar ng Maynila, na nakaligtas sa kamay ng mga hapon, na may ilang araw nang kinuha ng mga guerillero, sa kanyang bahay na tinirhan sa Nagtahan noong makalipat sa ibayong hilaga ng Pasig, ay na sa Bilibid at nakukulong. Doon kinukulong ang mga pinuno ng pamahalaang tayo ng hapon, na sa mga araw na ito'y hinahanap at hinuhuli ng mga guerillero. May balitang pagkakatayo ng pamahalaang pilipino, silang lahat ay ibibigay sa kamay ng ating Pamahalaan upang litisin.

Sa pagdalo ko ngayong hapon na sadyang inanyayahan sa isang papulong-bayan ng mga "Markings Guerilla" na nakahimpil sa Paltok nitong S. Francisco, ay aking naliwanagang ang sinasamsaman pala lamang ng sandata sa Maynila, ay ang lahat na may dalang baril na walang katibayan ng pagkakaanib sa alin mang pangkat ng "guerilla" na kinikilala ng hukbo. Kailanma't may maipakikitang katibayan, ay hindi inaalisan ng sandata. Sa papulong na aking dinaluhan, na ang pakay ay ang muling pagtatayo ng nagibang dating maliit na simbahan sa Paltok, na ngayon ay ipagagawa nga upang maging pang-alaala sa pagkaligtas

**(ANG "NANG MAGDAAN ANG DALUYONG" AY INILALATHALA NANG WALANG PAGBABAGO BATAY SA ORIHINAL AT SA PAGKAKOREHE NG MAY-AKDA)**

ng pook sa lahat ng mga panganib na ibinunga ng digma, ako ay pinapagsalita at ang pagkakataon ay aking sinamantala, pagkatapos makatigan ang manukala, upang itanim sa puso at isipan ng lahat ang mahahalaga at bagong mga tungkulin ngayon ng bawa't pilipino sa malapit nang mapatayong Pamahalaan, pagkatapos ng hangga ngayo'y mahigpit pang labanan sa Maynila. Ipinakilala kong ang lakas na dapat magpagalaw sa pag-alalay sa Pamahalaang iyan ay ang wagas at dalisay na pag-ibig sa Bayan; na kailangang limutin ang kapakanang sarili upang ialay ang lahat sa kapakanan ng sambayanan. Gayon ang aking sinabi pagka't naniniwala ako, na ang gawain sa hinaharap na mga araw, ay iuukol at dapát mapaukol lamang na talaga sa pagbabagong-buhay at sa pagyari ng sariling kapalaran, na hindi namang kayang gawin ng iba kundi ng mga pilipino lamang.

Samantalang ako'y nagsasalita ay isang malungkot na pangyayari ang ikinapahamak ni Kapitan Mendoza ng mga guerillero; isang nagbabantay, na nakalingat sa hawak na maiksing baril, ang nakabitiw ng isang putok at ang kapitan ay tinamaan sa kalamnan ng hitang kaliwa. Agad siyang dinala sa makagagamot, na sakay ng isang maliit na trak. Huwag nawa siyang maano!

17 Pebrero, 1945:—

Ang balitaan sa araw na ito'y ukol pa rin sa hindi natatapos na labanan sa loob ng Maynila. Mahigpit ngang inilalaban ng mga hapon ang Fuerte Santiago at ang Isla de Ingenieros. May balita pang pati ang mga napalubog ng mga amerikano, na mga sasakyan sa look, na na sa dakong mababaw, ay kanilang sinasamantalang nilalagyan ng mga kublihan. Sa matatandang muog ay naglalaban din sila, at kagabi ay halos magdamag na putukan ng maliliit na kanyong at ametralladora, ang narinig. Sumasalit ang malalakas na putok ng kanyon na hangga ngayo'y nakatalatag sa Grace Park, sa Balintawak at sa iba't ibang pook ng Quezon City. Sa dakong silanganan ng Maynila at sa dakong hilaga ng labasan nito, ay may mga labanan pa rin at pabugso-bugso ang putukan. Nguni't ang paglalagay, kahapon pa, sa kabayanan na ng Marikina, ng mga kanyon, ay nagsasabing ang mga kinakalaban sa silanganan ay talagang nangasa bundok na at nagsisitago. Panakanaka, sa maghapong ito, ang nagsisilipad na aeroplano ay natatanaw na nakararating sa tapat ng mga kabundukan ng S. Mateo. Hindi-sasalang binabakayan kung saan nagtutungo ang kaaway. Sukat mahinalang kung hindi agad mapupuksa ang mga nagsiurong ay makararating sila sa matatarik na bundok at matataas na kaparangang nakalatág sa dakong silanganan ng Rizal at sa mga hanggahan nitong kanugnog ng Tayabas at Nueva Ecija. Sa dakong iyon ang mga kabundukan ay dugtong-dugtong na at may malalago pa ring gubat na mapagtataguan, lalong-lalo pa sa nasasaklaw na kung ilang libong ektarea ng dating pinagkukunan ng tubig na ginagamit sa Maynila. Naroon ang Busubuso, isang matandang bayang malapit sa Antipolo, na may isa pang guhong simbahan; ang S. Isidro, ang Palasanan, ang Lanating, ang Susong-dalaga, ang Anipa, ang Angilo, ang Siyang Kabayo, ang Lumutan, ang Tayabasan, ang Uyungan, ang Manlak at saka may mga ilog pa na pagkalilinaw ng tubig na gaya ng Payagwan at iba pa. Nguni't wala nang makakain sa dakong iyon kundi mga lamanglupa at wala namang taong aabutin kundi ang "remontado" at mga ita, at mga dumagat na hindi gaano karami. Kung totoo ang napapabalita ngayong ang mga amerikano ay patungo na sa Infanta ng Tayabas at sa Dingalan ng Sabani sa N. Ecija; ang tanging dalawang pook na pinakamalapit sa dagat mula sa matataas na kabundukang aking sinasabi na sukat mapatunguhan ng mga hapon sa pag-urong, ay hindi na nila mapapakinabangan, anupa't ang mangyayari, kung hindi na sila susuko, ay mangamatay sa gutom at mangauubos sa sakit. Napabalita rin sa araw na ito, na sa labas ng look ng Maynila, ay nakatipon na ang ipapasok na mga daong na pandigma sa tuluyang pagkuha sa look. Ang Corregidor ay hinuhulugan pa rin ng mga bomba, nguni't hindi na makasagot ang mga hapong naroroon. Si G. Osmeña ay malapit nang dumating sa Maynila: kasalukuyang nagpapaayos ng kanyang bahay sa Sta. Mesa si G. Maximo Kalaw, naging Kalihim noong araw ng mga pasugong ipinadadala natin sa Estados Unidos.

Unti-unting nababatid, sa mga nalabi ng sakuna sa timog ng ilog Pasig, ang pinaggagawang katampalasanan ng mga hapon sa mga mamamayan. Isang kilalang manggagamot, si Dr. A. Ubaldo Rizal ang nagsasalaysay ng nangyari sa kanya at sa mga nakasamang maraming kapitbahay. Nang magsimula ang ligalig sa pook na kanilang tinitirhan dahil sa pagsabog nga ng mga punlo, sila'y nagsipanaog sa kani-kanilang bahay upang humanap ng mapangungublihan. Sa madalian nilang paglakad ay dalawang pilipino ang kanilang nakita daan, na nagyaya sa kanila sa isang malaking loobang nalilibiran ng bakod na bato. Silang lahat ay sumunod at nang nangatitipon na roon, ang dalawa'y nagsabing sila'y aalis muna yamang ang lahat ay matuturang ligtas na sa panganib. Pinagpasalamatan pa mandin ang dalawang iyong hindi nila kilala, nguni't hindi nagtagal at nagsibalik uli na may kasama nang dalawang kawal na hapon. Tatawe-tawa pa ang mga kawal na iyon at nagsabing mabuti raw na sila'y doon nagtipon. Kaginsaginsa ay nagsipagbago ng anyo at ipinag-utos na biglang ang lahat ng lalaki'y magsitindig. May mga 400 marahil ang mga lalaking inabot doon, na nang magsitindig na upang sundin ang utos, ay pinalabas naman nang sampu-sampu. Saka nila naalaman na mga Makapili pala ang nagturo sa kanila ng loobang pinangungublihan at kung ano ang kahulugan ng lahat nilang nakikita; sa bilang ngang sampu-sampu ay pinagkabit-kabit na tinalian silang mga lalaki at dinala sa bahay na paupahan sa daang Herran ni Dra. Paz Mendoza Guanzon at doon ay kinulong silang lahat. Nang mapalapat nang mabuti ang pinto, ang bahay ay pinaputukan ng ametralladora. Si Dr. Ubaldo ay nawalan ng malaytao at hindi na masabi ang iba pang mga nangyari. Ang kanya na lamang naaalala ngayon ay ang marahang pagtadyak sa kanya ng isang kakabit sa pagkakagapos at ang pagkakaulirat na bigla nang makitang nasusunog ang bahay nilang kinalalagyan. Nagtindig siya at kasabay ng ibang kawing-kawing din ay nagsipatungo sila sa pinto upang ito ay gibain na. Nangakalabas sila at sa pagtutulung-tulong pagkatapos ay nakakalag sila sa pagkakatali. Siya ay umuwi sa sariling bahay na inabot niyang hindi pa sunog. Sa mga looban siya nagdaan. Nagkubli siya sa kinalalagyan ng lutuan at doon naghintay ng mangyayari, sabay sa pag-iisip ng dapat gawin. Nadidinig niya ang mga putukan sa daan, sa lahat ng dako; mga putok na nagbabalitang sinisimulan na nga ng mga hapon ang pagpatay sa mamamayan. Sa di-kawasa'y dumating ang kanyang manugang at silang dalawa na ang nagkasama sa pangungubli nang magkasundo silang umalis sa bahay sapagka't masusunog na rin ito. Nagsipangubli sa bawa't nakitang mapagtataguan na ang pangamba nila'y mapapatay na rin, hanggang sa kabutihang-palad ay inabot silang buhay pa ng mga nakapasok nang mga amerikano. Si Dr. Ubaldo ay may sugat at nakararamdam pa ngayon ng pagkabingi at ligtas nang kasama ng kanyang maybahay, pati mga anak sa ibayong hilaga ng ilog Pasig. Ang kanyang maybahay pati mga anak ay nakasama naman ng mga babaeng kinulong sa paaralang-bayan sa daang S. Andres, na pagkatapos papamiliin ng kamatayang ibig, ay nangakaligtas din salamat sa biglang pagdating ng mga amerikano at "guerillero". Isa namang taga-timog din ng Pasig, ang nagsasabing kaya lamang siya nakaligtas ay sapagka't nagbaon sa mga bangkay na nagbunton sa daan bagama't nang nakatago na sa gayong paraan, ay may naramdaman siyang mga kawal na hapong nagsisilapit at pag nakarinig ng tila dumaraing na may sugat lamang at buhay pa, ay pinapuputukan upang mautas na nang tuluyan. Ang ganitong mga nakapangingilabot na pangyayari ay naging pangaraw-araw sa timog ng Pasig hanggang sa ang kalakhang bahagi ng dakong iyon ng lunsod ay makuha ng mga amerikano. Ganito na rin marahil kundi man mahigit pa, ang ginagawa sa loob ng Maynila, na hindi pa lubusang naaagaw sa kanilang kamay ng mga dumating na tagapagligtas.

Ang nangakukubkob na hapon sa loob ng Maynila ay nagtangkang makapanampalasan sa ibayong hilaga ng ilog Pasig; ilang kawal na nagtabon ng yagit sa ulo at gumamit ng hingahang maliliit na tubo, ang nagsitawid nang palangoy sa ilog, sa dako ng dating parola, nguni't nangakita sila ng mga nakatanod sa ibayong inahunan at lahat ay napatay, na wala isa mang natira. Kahapon, alinsunod sa patotoo ng ilan ay nakapagbagsak ng bomba sa Sampalok ang isang aeroplanong hapon, na nakasalisi, at sa sabihanan ay may nasira ring kaunti. Isa ito marahil sa mga dahilan, kung bakit kahapon ay maraming aeroplanong amerikano ang lumipad na halos maghapon, sa papawirin ng Kamaynilaan. Sa hapon ng araw na ito ay pinapuputok ang malalaking kanyon dito sa malapit sa aking bahay. May labanan pa rin. Sa gusali ng pahatirang-bayan, ang mga hapon ay nagkalabán pa hangga ngayon. At sa loob ng Maynila at sa tinatawag na Port Area, ay mahigpit pa rin ang kanilang pakikilaban. Sa araw na ito'y ipinag-utos ng hukbong amerikano ang pagalis ng mga mamamayan hanggang ika-5 ng hapon ngayon, sa mga daang Arlegui at Tanduay. Inaakalang ngayong gabi'y sasalakayin ng totohanan ang gusali ng pahatirang-bayan at ang mga muog ng Kamaynilaan kaya't pinalayo ang na sa bahaging hilaga ng ilog Pasig na sukat malagay sa kapanganiban. Kahabahabag na mga mamamayang nakukulong ng mga hapon na aabutin ng huling salakay na ito. Ang Hospital General ay sa tanghali lamang ng araw na ito nakuha ng mga amerikano, pagkatapos pasabugin ang matibay na kublihang inilagay ng kaaway sa harapan ng gusali. Buhay pala, salamat naman, ang namamatnugot ng pagamutan na sa Dr. Antonio Sison. Ang mga nurses sa tinurang pagamutan, na nangatira, ay inililipat nang kasalukuyan sa hilaga ng Pasig. Kakila-kilabot ding pagpatay ang ginawa ng mga hapon sa may 20,000 mamamayang nagsipagkubli sa tinurang pagamutan. Tinatayang ang napatay ng mga hapon sa malaking bilang na ito, ay mga 5,000. Mga taga-Ermita at Malate ang nagsitakbo roon.

Ngayon gabi marahil ay magkakaroon ng masidhing labanan sa Maynila.

18 Pebrero, 1945:—

Kagabi bago mag-ika-10, ay pinaputok tungo sa Maynila, ang malalaking kanyon sa hilaga ng ilog Pasig. At nang hatinggabi na, ang putuka'y dumalas, na halos makabingaw ng taynga ang lalakas. Napansin pang tila sadya rin ng lalaking mga punlo ang pinabagsak sa mga pook na kinalalagyan pa ng mga hapon. Dalawang sunog ang natanaw kagabi sa dakong timog, isa sa talagang Maynila at isa sa dakong Pasig. Wala pang balita kung ang mga muog na pinagkukublihan ng mga hapon, gayon din ang gusali ng Pahatirang Bayan sa Liwasang Lawton, ay nakuha na ng mga amerikano.

**(Buklatin sa pahina 18)**

# Kapuwa May Ligalig

## Kuwento ni FAUSTO A. PAGUIO



**ANG MGA PUSONG TAPAT NA NAG-IIBIGAN AY DI MANGYAYARING PAGLAYUIN NG ANO MANG LAKAS AT KAPANGYARIHAN NG TAO, KATULAD NG MAGLIYAG SA KUWENTONG ITO**

NAGULUMIHANAN si Charing pagka't inabot na lamang sa pinangangaserahan ang aleng dumating buhat sa Negros. Ang nananalim na mga paningin nito na nakasalubong niya sa pagkapasok sa silid, ay nagpayanig sa kanyang damdamin at lumikha ng masidhing sindak, dahil sa isang lihim na nagawa niya ngayon.

—Saan ka nanggaling? —lalong nakasindak na usisa ng matanda.

—Sa... sa... sine po, Tiyang! —namumutlang tugon ng pamangkin.

—Sa sine?... Sa oras na ito? ...Sa anyo mo'y napagkikilalang hindi ka nagtatapat! Saan... saan ka nanggaling?

Tuluyang nasira ang loob ni Charing. Walang mabigkas na salita. Sa halip na magpatuloy sa pagsisinungaling ay dumukot sa kanyang 'handbag' ng isang bilot na papel, at nanginginig na iniabot sa matandang ale na naghihintay ng kanyang kasagutan.

—Ano ito? —ang usisang sabay sa pagtunghay sa papel. —Ah... sertipiko ng kasamyento! Napakasal ka na...? Ginawa mo na ang sariling disposisyon? Mabuti ka na! At sinong mapalad na Amado itong nakatansong ito sa iyo? De titulo ba? Hindi mo ba maipagmamakahiya sa lipunan at sa iyong mga kamag-anakan?

—Isa po siyang... ma...maralitang empleado la...lamang, Ti... tiyang...! Pasiguk-sigok na tugon ng tinanong.

—Nakita mo na! Iyan... iyan ang napapala ng nagpapatuluy-tuloy...! Nasasawi! Diyos miyo...! Isang dukhang pakainin! Kaysakit... Di kaya ito iluha sa Langit, ng nasira mong mga magulang? Di kaya nila isurot sa akin ang pagpapabaya sa iyong kapakanan... sa iyong hinaharap na ipinagtiwala sa aking pagsubaybay? Magtatapos ka na sa edukasyon ay kulang ka pa sa wastong bait! —pahimutok ng ale na tumigil upang magkuro ng gagawin.

Lumuluhang inatim na lamang ni Charing ang gayong mga pangungusap ng nagmamahal at nasasaktitang ale, bagama't sumugat sa kanyang puso ang ilang mahapding salitang humamak sa karukhaan ng nakaisa niyang palad na si Amado.

—Kailangang mapawalang-saysay ang kasal na ito! —walang anu-ano'y pasya ng matanda, pasyang lumigalig nang gayon na lamang kay Charing.

—Huwag po, Tiyang! —biglang sagot na patangis ng pamangkin. —Huwag po...!

—Anong huwag? Bukas, pagkaraos ng aking lakad dito sa Maynila, ay patutungo kita sa isang abugado. At... ito'y tandaan mo: huwag mo akong mahiya-hiya; naiintindihan mo?

Natutop ni Charing ang nagsikip na dibdib, at sa kinaupang silya'y inihayag ng daloy ng luha ang mahigpit niyang pagtutol sa malupit na pasyang yaon.

Sa kabilang dako, nang mga sandaling yaon, matapos makasal ang dalawa nina Charing at Amado, makapagliwaliwaliw sa iba't ibang dako ng lunsod at maihatid ng lalaki ang babae sa pinangangaserahan nito, si Amado ay pauwi na rin sa kanila namang tahanang mag-ina. Habang daa'y niliiligalig ng pag-aalinlangan sa kanyang inang si Tandang Senang na mapasang-ayon sa pagkakapag-asawa niyang ito nang lihim.

"Maghahanap ka ng ina!" ang nagunita ni Amado sa paglalakad, na paalaala sa kanya ng kanyang matanda noong isang araw. "Lalayas ako, kapag nag-asawa ka sa isang mayaman"! anya pa. "Kung sa bagay," patuloy ng matanda, "gaya ng alam mo na, kung kami lamang ng ama mo ay hindi umalis sa Negros upang layuan ang di-matapus-tapos na pamamalibhasa ng iyong mga Lolo sa karalitaan ng iyong àma ay may kabuhayan din sana tayo ngayong pinagkakaginhawahan. Mayayaman ang mga Lolo mo. Subali't tinalikdan namin ng nasira mong ama ang may lasong kasaganaang yaon at nagtiis ng karalitaan dito sa Maynila, huwag lamang kaming mamalagíng hamak sa dagok ng mga masasakit na alimura."

"Hintay nga pala, Inang" putol ni Amado sa sasabihin pa sana noon ng kanyang ina, "bakit po hindi tayo sumulat sa Negros at magbakasakaling..."

"Sumulat na ako, anak..."

"Sumulat na kayo? Idinaing na ninyo ang ating karalitaan...?"

"Oo, anak! Wala akong kinaligtaan sa lahat ng dapat kong ibalita at idaing, datapwa't... magdadalawang buwan na nga-yo'y... hindi pa nila ako sinasagot! Diwa'y sadya na nila tayong itinakwil!"

Ang gunita sa huling pangungusap na yaon ng nagpaalaalang matanda, ay naging palakol ngayong dumurog sa nalalabi pa sanang pag-asa ni Amado, sa lunas na makalulutas sa kanyang alalahanin sa buhay. Nalito ang kanyang bait. Hindi naalumanang umaakyat na pala siya sa kanilang bahay, kungdi napukaw ng tinig ng inang sa kanya'y naunang bumati.

—Aba! —pamangha ni Amado, —gising pa pala kayo, Inang...?

—Oo, anak, at sa paghihintay ko sa iyo'y kangina ko pa narinig ang alas-dos sa relos ng ating kapit-bahay. Saan ka bagaling niyan, ha?

—Ow... huwag na ninyong intindihin ang aking pinanggalingan. Matulog na tayo at baka pa kayo magkasakit sa puyat, at saka... Linggo ho naman bukas; wala kaming pasok sa opisina.

Kinaumagahan ay mag-iikawalo na nang si Tandang Senang ay gisingin ng paulit-ulit na pagbusina ng isang awtong tumigil sa kanilang tapat. Pagalit pa mandin siyang bumangon at padabog na dumungaw upang alamin kung sino ang ipinalagay niyang mambubulahaw na yaon.

—Inday...! —malakas na bulagang bati sa kanya ng nasa awto.

—Aba... Manang Sabel...! —buong tuwang tugon ni Tandang Senang.

Sa malaking kagalaka'y patakbong binuksan ang pintong palabas sa munting balkunahi ng kanilang maliit na tahanan, upang salubungin ang dumating.

Ang kahimbingan ni Amado, sa silid, ay pinukaw ng ingay ng kagalakang biglang sumilakbo sa pagbabatian at pagbabalitaan ng dinatnan at ng dumating na may kasamang isang babaing nasa kabataang gulang. Natalastas ng kagigising na si Amado, na ang dumating ay siya palang balo ng matandang kapatid ng kanyang ina. Napangiti ang lalaki, at naiusal ng kanyang nanariwang mga labi: "Ah... nagbunga marahil ang sulat ni Inang...!" At narinig niyang nangusap ang ina niya:

—Anak ba ninyo ng Manong

(Buklatin sa pahina 14)

# Ang Ikalawang Tanaw

KUWENTO NI

**Ismael Cruz Matias**

**MINSAN PANG PINATUTUNAYAN NG KUWENTONG ITO NA WALA NANG HIHIGIT PA SA PAGMAMAHAL NG ISANG INA SA KANYANG ANAK — KATOTOHANANG KUNG MINSAN AY PINAG-AALINGLANGANAN...**



SI Dondoy ay hindi naman dating gayon. Kailan lamang, siya ay masunurin at mapitagan sa magulang. Hindi siya palasagot. Bihirang-bihira na siya ay makapagbitiw ng mga pangungusap na ipagdaramdam ni aling Marta. Nguni't simula nang siya ay lumaki at magkaisip ng ganap, mula nang pumintig ang mura niyang puso at mahumaling sa magandang si Carmen, ay unti-unti nang natipon sa kanyang dibdib ang isang lihim na damdamin na nang lumao'y naging talaksan ng hinanakit at sama ng loob sa magulang.

Ang totoo, si Dondoy ay may sinimpang lihim na kapootan sa kanyang ina. Mayroong mga sandaling ang ina ay waring hindi na niya ibig na makita. Kaya't kung minsan, sa mga labi ni Dondoy ay paminsan-minsan ding nakapamumulang-gos ang ilang pananalita na madalas iluha ng ina.

—Nguni't ano ang gagawin ko, anak? Yaon ba'y kagustuhan ko? —Ganyan ang madalas masambit ni aling Marta kapag nagsisimula nang tumindig sa munti nilang tahanan ang isang tagpong madalas ipagdugo ng kanyang kalooban.

Sa gayong katugunan, ang mga bagang ni Dondoy ay magtitiim na lamang, magkukuyom ng mga palad at pagkuwa'y mapapabuntong-hininga na lamang.

Isang hapon, si Dondoy ay dumating mula sa pagawaang pinaglilingkuran. Katulad ng mga karaniwang araw, ang katawan niya ay parang matamlay at nakakunot ang noo. Nagtuloy siya sa kanyang silid. Hinubad ang "polo shirt" niyang napipintahan ng malalapad at matitingkad na kulay ng bulaklak.

Tumiyad siya ng kaunti at inabot ang isang tuwalyang nakasabit sa isang kawad na nakabagtas náng pahaláng sa kahabaan ng maliit niyang silid. Pinunasan ang pawisan niyang mga bisig, ang kanyang leeg, ang kanyang mukha at saglit na tumanaw sa munting salaming nakapatong sa ibabaw ng komoda. Nakapansin siya ng pagkukulang.

Dalidali niyang dinampot ang munting salamin at iyo'y isinandig sa dahon ng bintana sa ibabaw ng palababahan. Sinunggaban niya ang isang maliit na bote ng pomada at kinulapulan ang kanyang buhok na tila may katigasan ng bahagya.

Lumayo siya ng kaunti sa salamin. Tumagilid. Hindi niya mapagmalas na mabuti ang husto niyang kaanyuan. Lumabis ang pagkakahilig ng salamin. Itinayo niya ng kaunti. At siya ay tumanaw na muli sa salamin. Napakunot ang kanyang noo. Talagang wala nang ibibigay na larawan ang diyaskeng salamin!

Sa pagkakatitig niyang iyon sa salamin, ay biglang gumuhit sa kanyang alaala ang magandang si Carmen... tumatawa, humahalakhak. Biglang sumulak ang kanyang dugo. Nanggigil. At pagkatapos ay nalabnot ang buhok na nangingintab sa pomada. Hindi pa rin siya nasiyahan sa ginawang iyon. Biglang hinawakan ang munting salamin at iyo'y ipinukol sa labas ng durungawan.

Noon ay siya namang pagsungaw ni aling Marta sa silid ni Dondoy.

—Nakaahin na, —ang tawag ng ina.

—Ow, sigi na ho... wala pa akong gánang kumain! —Ang paangil na sagot ni Dondoy.

Ang ina ay nakabanaag na naman ng masamang babala. Kaya lalong naging mahinahon ang pagsasalita ni aling Marta. —Lalamig pa ang sabaw, e. Lumabas ka na.

At lumabas naman ang anak. Nguni't nagpuputok ang kalooban.

—Kayo naman, — anyang noo'y nagpupumiglas na makatalon sa labi ang ilang pangungusap na malaon nang nakatago sa kanyang dibdib. Hindi kayo dapat magkaroon ng anak, —at ang mga labi ni Dondoy ay biglang napatikom. Hinabol niya ang nakahulagpos na pangungusap. Nguni't iyon ay naroon na. Ang busog ay nakatimo na sa dibdib ng kinauukulan. Nalikha na ang kakirutan niyon.

Nayanig ang katauhan ni aling Marta. Hindi niya nakuhang magsalita. Alam niya na ang gayong damdamin ay malaon náng naglilihim sa dibdib ng anak. Alam niya na si Dondoy ay mayroong hinanakit. Nguni't kailan man ay hindi niya inaasahang maáaring pumulas sa bibig ng anak ang gayong pangungusap.

Tinanaw lamang ni aling Marta si Dondoy, isang tanaw na lipos ng hinanakit. Sumidhi áng kanyáng pagkauhaw sa kaunawaan ng mga bagay na nagpapahirap sa kanyang kalooban. Nguni't si Dondoy ay hindi nakauunawa. Hindi nito nakikita ang luha ng ina. Hindi nito nadarama ang kudlit sa sariling laman. Si Dondoy ay malaon nang patay... mula pa noong pumintig ang kanyang puso, mula pa nang siya ay mabaliw sa magandang si Carmen.

Nagbaba ng ulo si aling Marta at tinungo ang pagkaing natiwangwang sa hapag. Iniligpit nito ang pagkaing hindi man lamang nasalang at pagkatapos ay dalidali siyang nagtungo sa kanyang silid. Doon niya itinangis ang kanyang kasawian sa buhay.

Kung nabubuhay lamang ang ama ni Dondoy ay tunay na hindi maaaring paraanin niyon ang gayong uri ng mga pangungusap. Madudurog sa katawan ni Dondoy ang anumang bagay na mahawakan ni mang Liloy. Marunong magmahal si mang Liloy. Nguni't marunong din namang maglapat ng parusa ayon sa sarili niyang kaalaman at kaparaanan.

Isang linggo pa ang nakaraan mula nang hapong iyon at si Dondoy ay umiba na ng tirahan. Ibig daw niyang malapit sa kanyang pinapasukan. Iyan ang kanyang dahilan. Nguni't iyon ay hindi totoo, ang bulong náman ni aling Marta sa sarili. Ayaw na lamang siyang makita.

Sa kabilang dako, si Dondoy ay hindi naman nagpapabaya sa kanyang tungkulin. Buwanbuwan ay hindi niya kinaliligtaáng ipadala ang kuwaltang panustos sa pangangailangan ni aling Marta. Siya ay anak ni aling Marta at ito ay kanyang ina. Hindi niya maaaring ikaila ang katotohanang iyan.

Isang gabi, si aling Marta ay hindi makatulog. Umuulan noon.

**(Buklatin sa pahina 13)**

# MALING AKALA



**HINDI LAHAT NG MAYAMAN AY MAY MATAAS NA PAG-UUGALI — MAY NAG-AANGKIN DIN NG DAKILANG KALOOBANG MARUNONG DUMAMA SA DAMDAMIN AT KALAGAYAN NG MGA DUKHA**

**ni Ruperto P. Monteclaro**

NAGING maliit ang tahanan ng mag-asawang don Pablo at donya Nena sa mga panauhing nagpaunlak sa kanilang paanyaya. Ang pagdiriwang ay ukol sa pagiging manananggol ng kanilang anak na si Dante.

Nang nasa kainitan na ang sayawan, si don Pablo ay lumapit kay Dante na noo'y nakangiting nagmamasid sa mga binata't dalagang nagsisiindak...

—Dante, —ang pansin sa anak, —bakit ka natitigilan? Alamin mong ang kasayahang ito'y ukol sa iyo, kaya dapat mong gugulin ang lahat ng sandali sa iyong ikaliligaya at ikasisiya.

—Ano, papa, ang nais mong gawin ko?

—Aba, e, di magsayaw ka, — sagot ni don Pablo.

Si Dante'y nagkibit lamang ng balikat at pagkatapos ay kinawit ng kanang kamay ang kaliwang bisig ng don at saka humakbang na patungo sa beranda.

—Papa, —ang patuloy ni Dante nang sila'y nakalikmo na sa isang sopa, —ang magsayaw ay hindi masama. Nguni't, sa nariritong kadalagahan ay tila hindi ako maaakit.

—Sa anong kadahilanan? — usisa ng don.

—Sapagka't, sa aking palagay ang mga dalagang iyan ay kauri rin ng ibang kadalagahang nilayuan ko na sa Maynila. Ang ugali nila ay magkakatulad: magpaganda at pagkatapos ay kusang magpakalasing sa mga kalayawang nabibili ng salapi ng mga binatang sa kanila'y nag-aanyaya.

—May katwiran ka, Dante, — ayon na rin ni don Pablo, — nguni't sa gulang mong tinataglay ngayon ay nasa panahon na upang ikaw ay manungkit ng mga bituin sa langit.

—Kung sa bagay nga, papa, —tugon naman ng anak, —at kung ako'y manunungkit ng bituin, ang susungkitin ko'y iyong bituing bihirang magsabog ng liwanag.

—Putik din lang daw at putik, tapatin na ang malapit, — ang katlo naman ng donya at naupo na ring katabi ng anak. —Dapat mong malaman, Dante, na pinagkasunduan namin ng iyong papa, na himukin kang lumagay na sa tahimik upang makita naman namin ang iyong magiging buhay.

—Nguni't mama, papa, kung sa nariritong kadalagahan... ay ipinagtatapat ko sa inyo na wala sa kanila ang katangiang aking hinahanap.

—At ano pang uri ng babae ang nais mo? —tanong ng don.

—Ang nais ko, papa, ay larawan ng isang babaing Pilipina. May silahis ng bukang-liwayway, may yumi ng takip-silim at hindi katulad nila na kaya nagsiganda ay dahil sa ipinahid na mga pampaganda.

—Ang ibig mong sabihin, Dante, —ang susog na wika ng don, —ay alangan pa sa iyo ang mga dalagang iyan na pawang nagsipagsunog ng kilay upang sila'y maging dangal ng isang lalaking paglalagakan ng kanilang puso?

—Papa, —ani Dante na nakangiti, —kung ipagtapat ko sa inyo na ang kasintahan ko'y higit sa kanilang lahat, kayo kaya ay maniwala? At hindi rin kaya kayo manghimasok sa aming pag-iibigan?

—Dante, —paniniyak naman ng don, —alamin mong ikaw ay lumaki sa lilim ng tahanang ito na di nakakikilala ng pagtatangi. Iginagalang dito ang karapatan at kalayaan ng sinumang nilikha. Sapagka't ako'y naniniwala na hindi lamang sa salapi natatagpuan ang kaligayahan at katahimikan ng isang tahanan. Kaya nga, bilang pasiya sa iyong katanungan ay ito: dapat naming makilala ang iyong kasintahan.

Pinaglipat-lipat muna ni Dante ang kanyang tingin sa ama't ina saka nakangiting nangusap.

—Ang kasintahan ko'y si Selya na anak ng ating kasama sa bukid.

—Ang Maggagatas? —padilat na usisa ni donya Nena.

—Ang anak ni Mundo na aking katiwala? —tanong naman ng don.

—Siya nga at dili iba. At pangako ko kay Selya, —dugtong pa ni Dante, —na pagkatapos ng kasayahang ito ay kasama ko kayong magtutungo sa bukid upang makipag-ayos kay mang Mundo.

Tumindig ang don at ang patawang wika.

—Kaya pala noong ako'y magtungo sa asyenda ay lagi akong dinudulutan ng sariwang gatas ng dalagang iyon.

—Aba, Pablo, —ani donyo Nena, —ang hinihintay ng anak mo ay ang iyong pasiya.

—Sa bagay na iyan, ako ay hindi tumututol, —nakangiti ang don.

—Kung gayon papa, —galak na galak si Dante, —bukas na bukas ay magtutungo tayo sa bukid.

—Sang-ayon kami, —halos panabay na wika ng mag-asawa at ang pabiro pang dugtong: —sa bukid pala tayo manunungkit ng bituin!

———oOo———

May isang linggo nang nakapapansin si mang Mundo ng kakaibang anyo sa kanyang anak na si Selya. Si Selya, nang nagdaang mga araw, hindi pa halos namimitak ang silahis ng araw ay nasa kusina na at naghahanda ng agahan. Pagkatapos, bibitbitin ang basket ng mga bote ng gatas at ihahatid sa may mga pabilin. Nguni't ngayon, si Selya ay inaabot ng sikat ng araw sa higaan at kung hindi pa gisingin ni mang Mundo av hindi pa titinag. At kung magising naman ay ganito ang isinasagot sa kanyang ama.

—Si itay naman, hindi ko pa gustong bumangon, e... ginigising na ako.

Sa gayong sagot ni Selya, si mang Mundo ay kakamot lamang sa ulo at iiwang muli ang anak upang ipagpatuloy naman ang napukaw na pagtulog.

Kinabukasan, nang sadyain nina don Pablo, donya Nena at Dante ang tahanan ng magama, ay dinatnan nilang si mang Mundo ay nag-uusisa kay Selya, samantalang na sa kainan. Ang ginawa ng tatlong mag-anak ay nagkubli at pinakinggan ang salitaan ng magama.

—Selya, ano ang kahulugan ng ganyan mong malaking pagbabago? May dinaramdam ka ba?

—Wala po, itay, —ang sagot ng nakatungong dalaga, —ang hindi po lamang nawawala sa akin ay ang pananakit ng ulo at matinding pagkahilo, kung ganitong bagong sikat ang araw.

—At pagduwal na paminsanminsan, hindi ba, Selya? —may himig na panunuring tanong ni mang Mundo.

—Opo, itay, —walang alinlangang ayon ng anak.

Nagbuntong-hininga ang matanda saka muling nagtanong.

—Anak ko, huwag ka sanang magkakaila sa akin. Sinong lalaki ang iyong inibig at pinagkatiwalaan?

—Bakit po, itay, ang lahat po ba ng pagbabagong ito ay may kinalaman sa aking pag-ibig?

—Oo, anak... Kaya ipagtapat mo sa akin ang lalaking pinagsanlaan mo ng iyong puso, u-

pang ikaw ay aking matulungan.

—Itay, —ani Selya na may buong-loob sa paninindigan, — ang lalaking iniibig ko at iibigin habang ako'y nabubuhay ay si Dante Delmar, ang tanging anak nina don Pablo at donya Nena.

Napasuntok si mang Mundo sa hapag kainan. Napadilat at nangunot ang noo, nguni't banayad pa ring nangusap.

—Anak ko, nahuhulaan kong dakila at banal ang iyong pag-ibig. Nguni't, dahil sa ating karalitaán, ako'y naniniwala na si Dante ay hindi tutupad sa kanyang pangako. Kaya nga, bilang tunay mong ama na kasama mong magpapasan ng krus ng pula, ako ay dapat mong sundin.

—Ano po naman ang inyong iuutos sa akin?

-Dapat nating putulin sa lalong madaling panahon ang iyong pagdadalang-tao upang manatiling malinis ang iyong dangal sa mata ng lahat.

—Itay, —at si Selya'y napadilat, —ang utos ninyong iyan ay hinding-hindi ko magagawa!

—At titiisin mong ako'y labilabian ng ating mga kanayon at pandirihan ka ng iyong mga kabaro?

—Itay, ipinagtatapat ko sa inyong ang anumang upasala ay aking tatanggapin, mabigyan lamang ng buhay ang aking magiging anak. Sapagka't ang aking anak ay siyang tanda ng ating banal na pag-ibig.

—Selya, —at tila pinagdimlan ng diwa si mang Mundo.

—Kung papatayin ko ang aking anak sa dahilang si Dante ay hindi tumupad sa kanyang pangako, —patuloy pa ng dalaga, —ay hindi siya ang magiging kriminal kundi ako. Kaya, itay, kung sa aking sinapit ay itatakwil ninyo ako, ako'y walang tutol. Ngayon di'y aalis na ako.

Matutunog na palakpak ang narinig ng mag-ama na nagmumula sa may pintuan. Ang nagsipalakpak ay sina don Pablo, donya Nena at Dante, na dahil sa pag-uusap nila ni Selya ay hindi napansin ang pagdating. Ang kanilang salitaan ay narinig na lahat ng tatlong mag-anak.

—Mundo, —ang bungad ni don Pablo, —ngayon ko lamang natalos na napakaliit pala ng pagkakilala mo sa aking angkan.

—Salamat na lamang at kami'y dumating sa panahon, — dugtong naman ni donya Nena, —at kung hindi, marahil ay nawalan ako ng apo.

Nilapitan ni Dante si Selya, hinawakan sa kamay at ang malrog na wika:

—Selya, naririto na ako upang tumupad sa aking pangako at nang makilala ng iyong ama ang ating katapatan sa pag-ibig.

Yumakap si Selya kay Dante. Pinahid ang kanyang luha at saka hinarap ang kanyang ama.

—Itay, sa katotohanan kayang ito na inyong nasaksihan ay mayroon pa kayong masasabi?

Si mang Mundo ay nagkibit lamang ng balikat, at pagkatapos pahulagpusin ang isang malalim na buntong-hininga ay nagwika:

—Don Pablo, donya Nena... ang lahat ng narinig ninyo sa akin ay inaasahan kong inyo nang lilimutin. Ako'y nagkaroon ng MALING AKALA sa katulad ninyong mayayaman na ang isang maralita ay hindi nagkakapitak sa inyong puso. Nguni't ang aking paniniwalang iyan ay nabali ngayon ng katotohanang aking nasaksihan. Salamat sa Diyos, at harinawang ang inyong ipinamalas ay maging huwaran ng ibang nilikha sa silong ng ating langit. (X)

## Pisong Pilak . . .

(Karugtong ng nasa pahina 7)

nga-linga. Waring may hinahanap siya. Nililisa ang mga tao. Nang matama sa akin ang paningin ay saka lumapit sa akin. Kinabahan ako. Ako'y inakbayan niyang papalayo sa karamihan. Ibig kong magsalita nguni't wala naman akong masabi. Nang nasa isang kubling pook na kami'y saka siya dumukot sa kanyang bulsa at inilabas ang isang balumbon ng salaping papel.

—Ano po ito, Lolo? —nagugulumihanan kong tanong sa kanya.

—Salapi, iho, salapi, —nagagalak niyang sagot.

Sa pagtawa niya'y tila may nabakas akong pagkakakilanlan sa kanyang mukha .

—Aanhin ko po naman?

—Aba, ang batang ito, —anyang nagkamot ng ulo, —ano ba ang sinabi mo kanginang?

—Wala po! —mabilis kong tugon. Nagtataka ako. —A... nakita ko na kayo ano po...?

—Oo, madalas tayong magkatabi e... Hindi ba iniabot mo sa akin ang piso mo kanina?

—Aaaaa... —nasabi ko na lamang.

—Nanalo ang 3/10 at ang naging dibidendo sa piso ay isang daang pisong husto. Iyan nga. Salaping tumatagintlng.

Nakahinga ako nang maluwag.

—Hati tayo sa kapalaran, Lolo, —ang nasabi ko. —Hayan ang inyong balato: Limampung piso.

—Naku! salamat iho, —anyang tuwang-tuwa.

—Ano 'ika n'yo ang sabi ko kanina?

—Sinabi mo, Tres... Diyes... Liyabe! Itinakbo ko agad sa Ipodromo ng San Lazaro ang pisong pilak. Itinaya ko sa sinabi mong numero sa Llave... O, salamat, iho, ha? Tabi kita uli sa Linggong darating kung pupunta sa karera, hane?

—Magkaiskuwela pala kami sa karerahan... —natatawang wika ko sa sarili. At nagunita ko ang bagong kasal na mga kaibigan kong matalik, sina Lusing at Ponching. Ewan kung may nakarinig sa sinabi ko na, —Maibibili ko rin ng regalo ang bagong kasal...! (X)

———oOo———

## Gising sa Hirap



**Sa bigong pag-asa'y huwag pangarapin**
**ang di abot-tanaw ng aking damdamin;**
**sa luhang nanatak na hindi mapigil,**
**maging kasawia'y ligaya sa akin.**

**— o —**

**Salamat na lamang at ang abang palad,**
**nupling sa dalita't nagising sa hirap—**
**disin kung sa layaw'y lumaki't namulat,**
**marahil sa dusa'y daling mabagabag.**

**— o —**

**Ang dinaranas kong kahirapa't sakit,**
**sa mahinang puso'y sapat nang itangis—**
**ang kasiphayua'y huwag di maisip,**
**agad ibabagsak ang sisi sa langit.**

**— o —**

**Iyan ang maputlang hamak kong larawang**
**sa dilim ng gabi'y nakuhang-maagaw;**
**pusong malingapin ang tinitimbulan**
**sa mga araw kong nalalabing araw.**

**— En. C. Agleham**

## Ang Ikalawang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 11)

Malamig ang simoy ng hangin. Naalaála niya ang anak. Malikot iyong matulog. Baka kaya waláng kumot. Baka hindi nakakabit ang kulambo. Nadama niyang kumirot ang dati niyang sugat. Lalong sumidhi ang kapaitang kumalat sa kanyang puso sa alalahaning hindi niya nagagawa ang mga gawaing dati niyang ginagampanan at iniuukol sa kaginhawahan ng anak.

Si aling Marta ay biglang napabangon sa pagkakahiga. Para siyang nabalisa. At saglit na tumalim ang kanyang mga mata. Hindi na siya natatakot. Hindi na siya nasisindak. Kakausapin na niya si don Rafael, ang mayamang may-ari ng pabrika ng tabako na kumausap na sa kanya noon pang araw.

—Don Rafael, —sabi niya kinabukasan sa mayamang pinaglingkuran niya noong araw. — Kung mababawasan pa ang aking halaga, ako'y hindi na makapapayag.

—Nguni't iha, napakataas ng iyong halaga, —ang giit ng mayamang iiling-iling ang ulo. — Bawasan mo nang kaunti.

Makaraan ang mahabang sandali sa silid ng mayamang

**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE

7-9 A.M. No. 2 Legarda,
2-3 P.M. Tanduay.

(10-12 A.M.) Calvo Bldg.,
(4-7 P.M.) Escolta

taga-Bikol, si aling Marta ay lumabas nang tila pa kumikinig ang mga daliri. Sa maaliwalas niyang noo ay namuo ang tila gahamog na mga butil ng pawis. At siya ay umuwi na ng tahanan.

Kinahapunan ng araw ding iyon, si aling Marta ay umupo sa tabi ng durungawan. Ni saglit ay hindi siya lumalayo sa kanyang kinauupan. Halos mamuti ang kanyang mata sa paghihintay. Sa wakas ay nakita rin niyang dumarating na ang kumpare niyang namamasukan sa "Ang Tibay". Pagkatapat niyon sa kanyang bahay ay binati niya at inanyayahang manhik.

—Huwág na, kumare, —ang tanggi naman ni mang Tomas sa pag-aakalang ang ipinag-aanyaya ng kumare ay walang bagay.

—Isandali lamang, kumpare,—ang pilit ni aling Marta, at nang makaupo na si mang Tomas sa isang silya, ay isinalaysay nang lahat ang nasasaloob ng babae.

—Nguni't kumare, —walang kakurap-kurap ang mata ni mang Tomas, —sa akala kaya ninyo'y tumpak ang inyong gagawin?

Napababa ang pananaw ng babae. —Kumpare, wala akong magagawa. Iyan ang hinihingi ng mga pangyayari. Hindi naman kaila sa iyó ang aming kabuhayan. Talagang wala na akong magagawa. Kaya, kung papayag ka kumpare...

Nakapa ni mang Tomas ang kanyang baba. Kinaugalian na nito ang pagkilos ng kaliwa niyang kamay na paakyat sa kanyáng baba kapag siya ay napapasuong na sa gayong uri ng suliranin. —Kumare, papayag ako, bakit ang hindi. Nguni't... ang inaalaala ko'y... hindi ko pa nalalamang naaari ang bagay na iyan.

—Nguni't iyan ay ginagawa na ngayon sa maraming tao at natunghayan ko pa sa pahayagan, —ang paliwanag ng kumare. —Kumpare, ako'y makikipagsapalaran. Nariyan lamang ang aking katiwasayan.

—Ang inaalaala ko'y... buweno, yayamang ipinauubaya mo sa akin ang lahat ng bagay ay maaásahan ninyong gagawin ko ang lahat ng aking makakáya. Si Dondoy ay aking inaanak.

Mula nang hapong iyon, si aling Marta ay nawala na sa kanyang tahanan. At pagkaraan pa ng limang araw, si Dondoy ay kinausap na ni mang Tomas. Sa wakas ay nagkaunawaan din ang magninong.

—Dondoy, —ang wika ni mang Tomas nang silang dalawa ay naroon na sa óspital. —Sa iyong katauhan gagawin ang ikalawang pagsubok ng siyensiya ukol sa bagay na iyan. Idadalangin ko ang tagumpay...

Pagkaraan ng dalawang buwan, si mang Tomas ay dumalaw sa ospital upang ilabas na si Dondoy. Gayon na lamang ang katuwaan ni Dondoy sa tila himalang naganap sa kanyang buhay. Parang hindi siya makapaniwala. Nguni't nadarama niya at nasasalat ang tagumpay ng karunungan sa kanyang katauhan.

Hindi na panakaw ang kanyang sulyap. Nakataas na ang kanyang noo sa sino mang sa kaniya'y kumausap. Wala na ang pagkukulang na madalas niyang masilip sa salamin. Hindi na bulag ang isa niyang mata. At si Carmen ay hindi na maaaring humalakhak.

—Ninong, ako'y parang hindi makapaniwala, —ang wika ni Dondoy na nalulunod sa malaking kagalakan nang sila ay nasa labas na ng ospital. —Tila isang pangarap lamang. Nguni't ang tagumpay ng siyensiya ay matatagpuan sa aking katawan. Ito'y isang katotohanan. Hindi na ako bulag.

Si mang Tomas ay hindi kumikibo. Lumalakad siyang nakatungo ang ulo. Ibig niyang sumagot nguni't siya ay naghihintay ng puwang na naaangkop sa ibig niyang sabihin. Samantala, si Dondoy ay patuloy rin sa paglakad na waring hindi sumasayad ang mga talampakan sa lupang niyayapakan. Nakalantad na ang mga taong sa kanya ay nag-uukol ng mga tanaw na karaniwang sinusundan ng ikalawang tanaw... ang masakit na tanaw.

—Ninong, ibig kong makilala ang mayamang lalaki na naghandog ng aking pananaw, —ang dugtong niyang masigla ang tinig. —Wika ninyo'y mayroon siyang utang na loob na tinatanaw sa aking ama. Napakabuti niya. Ibig kong siya ay pasalamatan.

Dumating din ang puwang na hinihintay ni mang Tomas. At tulad ng mabangis na mandirigma na hindi na tumigil sa kauulos nang siya ay magkaroon ng pagkakataon, bigla siyang tumugon sa tinig na mariin:—Ang ina mo ang iyong pasalamatan.

—Ano 'ika ninyo? — ang tila nagkangriringgang pakli ng binata.

—Ang ina mo'y isang dakilang babae. Siya ang inang pinakamayaman sa pag-ibig. Siya ang naghandog ng iyong pananaw.

Tila nalito ang pag-iisip ni Dondoy. —Nguni't saan siya kumuha ng maraming salaping ginugol sa aking mata? Diyata't nagawa niya ang gayon?

—Dondoy, hindi mo dapat pagtakhan ang gayon. Higit sa riyan ay naaaring gawin ng isang ina maging maligaya lamang ang kanyang anak. Sa Amerika ay may isang bilanggo habang buhay. Ipinagbili niya ang dalawa niyang mata sa isang milyonario, at ang kuwal-

**(Buklatin sa pahina 19)**

---

# ABANGAN...

## Ang pinakamadulang nobela ng taon!

# "TERESITA"



**Kasaysayan ng isang batang babaing itinakwil at di kinilala ng sariling ama, nguni't dumating ang panahong tinanghal at dinakila ng daigdig... hanggang sa pagsikapang muling angkinin ng nagtakwil na magulang!**

**Kasaysayan ng isang dalagang nayon na hinamak at inupasala ng lipunan... subali't sa sariling pagsasakit at pagpupunyagi ay nakuhang itanghal ang sarili... hanggang sa sambahin at dakilain ng lipunan ding umaglahi sa kanya!**

**Kasaysayan ng isang babaing nakulong ng pagibig ng tatlong lalaking mahal sa kanyang puso, datapwa't natutong magpakatimpi at nakapaggawad ng makatarungang pasya!**

**Kasaysayan ng isang babaing patirapang humingi ng awa at katarungan sa paanan ng isang lalaki... na sa dakong huli ay siyang pinanikluhuran ng lalaki ring iyon na siya namang nagpapalimos ng habag at kalinga!**

## Iyan ang madudulang kabanatang bumubuo sa kasaysayan ni

# "TERESITA"

**Sinulat ng Patnugot nitong Magasin ng Bagong Buhay.**

---

## Kapuwa May Ligalig

**(Karugtong ng nasa pahina 10)**

ko itong maganda mong kasama?

Nainis si Amado. Hindi gayong uri ng tanong ang ibig niyang marinig na gawin ng kanyang ina, kundi ang tungkol sa sulat... ang tungkol sa kayamanan ng kanyang Lolo. Nalimot niya noon ang mutya ng kagandahang asal.

—Hindi, Inday, —tugon ng hipag kay Tandang Senang, —anak siya ng nasira kong kapatid na babae. Ulila na siya pati sa ama.

Nagkamot si Amado ng ulo samantalang ang tatlong babae ay papasok na noon sa loob ng kabahayan. Narinig nanaman niya ang kanyang ina.

—Marahil ay lalo akong liligaya kung nagkaanak pa ako ng isa, at isang dalagang ganito kaganda... Manang Sabel...!

Mahinhing napangiti, at saglit na napasulyap ang kasama ng hipag ni Tandang Senang dito, samantalang sa silid, si Amado'y muntik nang makapagbulalas ng sigaw ng pagngingitngit. Hindi niya kailangan ang kagandahang di ang kay Charing na kanyang pinangarap at nilalangit.

—Siya nga pala; nasaan, Inday, ang anak mong sinabi sa iyong sulat? —usisa ng panauhing matanda, nang sila'y nangakaupo na. —Ibig ko siyang makilala, at sa harap ninyo'y...

—Ah... Oo nga...!

Titindig na sana si Tandang Senang upang kaunin ang anak sa silid, nguni't noon di'y tumanghal sa kanila ang may magandang tikas na pagkalalaki ni Amado, ayos na ayos na lumabas, upang tugunin ang kahilingan ng natalastas na niyang Tiya Isabel niya.

Si Tandang Senang ay dili ang di namangha; ang hipag nito'y natilihan... humanga nang gayon na lamang; at ang kasama nito'y biglang napatindig, at pinamulahan ng mukha sa nasaksihang katauhan ni Amado.

Lalapitan na sanang talaga ni Amalo ang kanyang Tiya upang humalik ng kamay, nguni't nang mapasaglit sa kasama nito ang kanyang mga paningin, ay biglang natigilan, nalimot ang lahat ng balak sa inali, at sa halip noo'y nag-anyong lumapit sa nakitang dilag.

—Charing...! —pabulalas na bati ni Amado.

—Amado... — pasugod na tugon ng binati na dagling napabilanggo sa naghihintay na bisig ng lalaki.

Lalong natilihan ang maghipag. Higit na namangha sa panibagong tagpong yaon na kanilang nasaksihan. Naghari ang ilang sandali ng masuliraning katahimikan sa panig ng maghipag, samantalang pinapaglalaro ng panig ng kabataan ang kanilang mga mata, ang kanilang mga puso, at sa wakas ay ang kanilang nasasabik na mga labi.

—Tiyang...! —basag ni Charing sa gayong saglit na katahimikan, matapos nilang pagsawain ni Amado ang kanilang puso sa ligaya. —Ito po, si Amado, ang lalaking aking nakaisang-palad...! May tutol pa ba kayo sa aming pagkapag-isang-dibdib?


—May palagay ako ngayong...

—Hintay...! —putol ni Tandang Senang sa pagsasalita ng hipag, at humarap na may sama ng loob sa anak. —Amado...! Anong kabalbalan ang ginawa mo? Diyata't nilabag mo ang aking bilin, at nilimo ang aking paalaala? Nakipag isang-dibdib ka sa isang nilalang na lumaki sa kasaganaan Ano ang ipagpapaligaya mo kay Charing? Ang suweldo mong limampung piso isang buwan Wala kang bait...!

Sandaling bumawi ang nag sasalita, ng nangangapos na hi

(Buklatin sa pahina 18)


# Mabuti... kasama ng mabubuting pagkain




**Ang COKE ay likas na kasama ng mabubuting pagkain. Mag-uwi ng isang kahon ngayon . . . maghandang lagi ng panustos sa anumang pagkakaton.**

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA San Miguel Brewery


Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas

# MAKIPAGTULUNGAN SA INYONG KAPITBAHAY!

① Maaaring sirain ng uod ng palay ang inyong palay, mais at tubo.








② malaking uod sa lupa ... na magkakapakpak at mangingitlog ng lalong marami.

③ Lipulin ang mga itlog at uod sa taniman bago magtanim.




④ Ang mga palayan ay dapat dalawing madalas. Araw-araw hangga't maaari.



⑤ Ang mga itlog na natagpuan sa mga dahon ay dapat likumin at sirain.




⑥ Maaaring ipakain sa manok, ibon at palaka ang mga uod.





⑦ Ang pangwisik na DDT at iba pang uring pangwisik ay maaaring gamitin. Mula sa 2½% hanggang 5% ng tinimplang DDT ang magagamit.





# MAHALAGA ANG PAGTUTULUNGAN NG LAHAT!



## Ang Ikalawang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 14)

tang kabayaran niyon ay ibinigay niyang lahat sa kanyang mga hinlog na naulila sa kanyang kalinga.

Si Dondoy ay hindi umiimik.

—Ganyan din ang ginawa ng iyong ina, —ang patuloy ni mang Tomas. —Matagal na panahong siya ay naging bilanggo ng sarili niyang budhi sa paniniwalang ang pagkabulag mo'y kanyang pagkukulang. At nang sabihin mo sa kanyang siya ay "isang inang hindi dapat magkaanak," ay diyan na sumuko sa sukdulan ang kanyang pagtitiis. Kinausap na niya ang mayamang umaalok sa kanya noon pang araw at ipinagbili na nga ang isa niyang pananaw. Ang kuwalta ay ibinigay sa akin at siya kong ginugol sa iyo. Humanap ako ng isang matang naaangkop sa iyong gulang.

Noon pa ay naramdaman na ni Dondoy na para siyang sinisigan sa apoy. Noon niya pinanghinayangan ang mga luhang natak sa mga mata ng kaniyang ina. At sinabi pa ni mang Tomas na mayroon daw mga gabing nagdidilim na ang pag-iisip ni aling Marta na tila baga may isang kamay na nagtutulak sa kanya upang siya ay tumalon na sa ilog at nang matapos na ang lahat ng kanyang paghihirap.

—Salamat na lamang at napagdalawa niya ang kanyang isip, —ang dugtong pa ni mang Tomas. —Tiniis na nga niyang ipadukit ang isa niyang mata upang madulutan ka lamang ng kaligayahan. Ang ina ay dapat na igalang at dakilain. Tadtarin man ang ating buto sampu ng ating mga laman, ay hindi pa sapat na ibayad sa hirap ng ating mga magulang. Bakit mo sinabi sa kanya ang gayon, na siya ay "isang inang hindi dapat magkaroon ng anak"? Dondoy, masakit ang sinabi mong iyon... masakit.

—Ninong, pupuntahan ko si inang, —ani Dondoy na sakbibi ng malaking pagdaramdam. —Ibig ko siyang makita. Ewan ko lamang kung ako ay mapatatawad pa niya.

Si Dondoy ay inakbayan ni mang Tomas. —Dondoy, ang ina, kailan man ay laging nagpapatawad. Maaáring ikaw ay layuan ng lipunan, karimarimarimnan ng mga kaibigan, at itakwil ng

ay dumating sa dating tahanan. Tahimik. Walang ilaw. Pinagala ang kanyang pananaw. At doon sa isang sulok, sa ibabaw ng isang munting baul, nakita niya ang kanyang inang nakaulukbot na larawan ng malaking kalumbayan.

—Inang! —ang halos ay paluhod na lapit ng anak. —O, inang patawarin mo ako! —at ang mukha ay isinubsob sa kandungan ng ina.

Napaluha lamang si aling Marta. Hinipo niya ang ulo ng anak, buong pananabik na hinagod ang buhok nito, at ang wika niya sa tinig na unti-unting nagkakaroon ng buhay: —Ngayon, maligaya na ako, anak!

(X)






# Mga Magsasaka:

# May SULIRANIN Ba Kayo?

Huwag kayong mabahala . . . kung mayroon kayong mga suliranin o anumang bagay na nais malaman tungkol sa pagsasaka, pagbaka sa mga hayop na sumisira sa tanim, wastong pag-aalaga ng mga halaman at iba pang mahahalagang bagay ukol sa pagbubukid... subaybayan lamang ang lingguhang lathala sa Magasin ng Bagong Buhay at matutumpak ang inyong mga hakbang.

***Ang pitak sa Magasin ng Bagong Buhay ukol sa pagsasaka ay inihahandog sa inyo sa pagtutulungan ng***

**E.C.A.** at **Bagong Buhay**